

Hindi pa desidido si Lorenzo Ferraren kung ano ang gagawin sa property na nabili sa bayan ng San Vicente, ang pinaka-obvious ay gawin niya itong subdivision. Kilala siya bilang isang napaka-decisive na executive, pero nang dumating na ang takdang panahon para pag-isipan kung ano ang proyekto para sa lupaing iyon ay lagi niyang isinasantabi.

Masyado kasing naging matagal ang proseso ng acquisition ng property na ito; noon pang panahon ng kanyang ama bilang CEO ng kompanya ay sinimulan na ang pagbili sa mga lupain doon at maging nang siya na ang humalili sa pagpapalakad ng kanilang negosyo ay tumagal pa rin kahit ginamit na ang maraming resources at persuasion sa side ng mga real estate agents.

Ngayong papunta na siya sa site ay natanong niya ang sarili kung ano ang bagay na iyon na parang humaharang sa kanya na magpadala ng mga bulldozers upang simulan na ang pagpatag ng bundok at pagputol ng mga punong-kahoy. Marami na siyang

karanasan na ang mga grupong aktibista—lalo na ang mga environmentalists—ay nasa harapan ng *Ferraren Building* para iprotesta ang kanyang mga housing development projects kung saan-saang panig ng Pilipinas.

I think I am growing a conscience, natatawa niyang sabi sa sarili. Hindi niya maitatanggi na napakaganda ng paligid kahit pa ang huling sampung kilometro na kanilang ibiniyahe ay baku-bako ang daan—mahilig siya sa baku-bakong daan!

Kakaunti ang mga bahayan na nakikita niya. Napansin niya ang mga poste ng kuryente na layu-layo; patunay sa napakaliit na populasyon ng lugar. Subalit kahit pa may electricity roon, sa tingin niya ay tila gumigilid na siya sa dulo ng sibilisasyon. Malayo na sila ng kanyang driver na si Cocoy mula sa main highway.

“Liliko ba tayo dito sa kaliwa, Bossing?” tanong nito na nagmenor ng takbo.

“Oo, sa kaliwa,” tugon niya.

“Sa dinig ko po doon sa ahente ng lupa ay may malapit na off-road track sa pupuntahan natin. Pinupuntahan din daw ito ng mga taga-Maynila para irampa ang kanilang mga four-wheel-drive.”

“Wala akong practice, Cocoy, kaya hindi ko masyadong iniisip ‘yan,” aniyang napangiti dahil matagal nang hindi siya nakakapagmaneho sa dirt track. Hindi siya mahilig sa mabibilis na sasakyan, pero mahilig siya sa mga makinang may muscle. “Pero, definitely, magda-drive ako dito sa San Vicente. Ikaw ang uupo dito sa likod at magkukunwaring amo.”

Pareho silang natawa. Si Cocoy na ang naging driver ni Lorenzo mula pa nang ibigay sa kanya ng ama ang pamamahala ng *Ferraren Group*. Ibig sabihin ay mahigit pitong taon na ito sa kanyang serbisyo at

sanay na ito sa lahat ng kanyang mood. Nagustuhan niya ang camaraderie at itong si Cocoy ay may devotion na parang tuta sa kanya.

“Eh, Boss, kayo po ba ay may driver’s license pa?” curious na tanong nito.

“Of course, Cocoy,” nakangiti niyang sagot. “Si Miss Reyes ang nagre-renew. At saka, kung wala man akong driver’s license ay sino ang huhuli sa akin dito?”

“Mawalang-galang na, Bossing,” anito, “may mga barangay tanod din sa mga liblib na lugar na tulad ng San Vicente.”

Nang nakaraang buwan ay pinapunta niya si Miss Virna Reyes sa site upang isaayos ang lumang bahay na nakatirik pa roon. Iyon ay ang dating bahay-bakasyon ng isang mayamang pamilyang taga-Maynila. Kasama sa pagpunta ng sekretarya ang isang decorator, electrician, karpintero, at tatlong housemaids mula sa bahay ng mga Ferraren at kung kailanganin man ng maraming tao ay sa San Vicente na lang mismo kumuha ng magtatrabaho. Nitong nakaraang linggo ay muling nagtungo roon ang sekretarya upang inspeksyunin ang bahay kung sang-ayon ba ang mga bagay-bagay sa standard na nais ng amo.

“Ayaw mo ba ng isa pang bodyguard, Bossing?” muling tanong ni Cocoy nang ihinto ang sasakyan sa driveway ng lumang bahay at pagkuwan ay umibis upang buksan ang pinto ng passenger seat.

“Masyado kang nakikinig sa mga worries ni Mama,” tugon ni Lorenzo na bumaba rin ng *Land Cruiser*. “Besides, nabanggit sa akin ni Miss Reyes na kinuha niya bilang security guard ang anak na binata ng dating katiwala at de-kuryente ang bakod. At may isa pang guard na nadestino para sa night shift.”

Pinagmasdan muna niya kung gaano kaalikabok

ang sasakyan bago tinapunan ng critical na tingin ang facade ng bahay. Sinimulan niya ang tingin mula sa bubungan paibaba. Spanish colonial architecture ang estilo niyon; isang sorpresa para sa kanya dahil well-preserved ang bahay gayong napakatanda na.

Mabilis na lumatag ang dilim kung kaya minabuti niyang ipagpabukas na ang paglilibot sa ari-arian. Kaagad siyang pumasok sa loob ng bahay at hindi na muna niya masyadong binigyang-pansin ang mga detalye ng interior. Besides, naisip niyang mas masasatisfy siyang makita ang kabuuan by daylight.

Sa pagpunta niya ng San Vicente ay binigyan niya ang sarili ng sapat na panahon upang alamin kung ano ang potential ng property. Kasama na rin sa panahong iyon ang kanyang *bakasyon* dahil napansin niyang kailangan niya ng oras para mag-isip—a change of pace and atmosphere in life—dahil napansin niyang masyado nang smooth-sailing ang kanyang buhay. Tila wala sa mood si Lorenzo na simulan ang kahit na anong proyekto.

“You are a money machine, hijo, and you’ve made so much progress for our company since you replaced me. Whatever you decide, I am with you more than a hundred percent!” naliligayahang sabi sa kanya ng papa niya two years ago nang sabihin niyang magbebenta siya ng malaking parte ng kanilang mga assets.

Malaking relief iyon na tama ang kanyang hunch na magbenta ng mga assets na hindi gaanong kumikita kung kaya hindi siya masyadong natitigatig kahit pa may kasalukuyang financial crisis sa buong mundo. He has the practicality of mind na tanggapin na magkakaroon sila ng losses; na inevitable na marami ang mawawalan ng trabaho at kakailanganing magsara ang ilan sa kanilang mga pabrika at opisina. Natutunan niya sa kanyang ama na it doesn’t make

sense to swim against the waves.

“Ride it!”

Nakita niya ang sense niyon. Pero nakakalungkot isipin na he spent almost the last ten years of his life making money and being successful with it. *And yet the world holds no prospect.* Tila nalimot na niya na kailangan din niyang i-pursue ang kanyang happiness; napansin niyang naging awtomatiko na ang takbo ng kanyang buhay.



“Bukas ko na titingnan ang mga plano ng property, Miss Reyes,” ani Lorenzo habang pinagmamasdan ang kopita ng cognac sa kanyang harapan. Masarap kahit simple ang hapunan na isinilbi ng mga katulong sa kanya at kasalo niya ang sekretarya sa pagkain.

“That will be good for you, Sir,” magalang na tugon nito kahit pa higit na nakatatanda ito sa boss. Si Miss Reyes ay nagsilbi muna ng sampung taon sa kanyang papa at hindi na ninais pa ng binata na kumuha ng ibang sekretarya. “Hindi ko masasabing nasa taste mo ang opisina ng inihanda ko para gamitin dito...”

“It’s okay, all I need is a computer and a cellphone,” pakli niya. “I am thinking of giving myself a bit of a break sa pagpunta ko dito.”

“Natutuwa ako at naisip n’yong mag-relax kahit paano, Sir,” anito na pinagmamasdan siya. “You’ve been working hard all these years. Ni halos hindi kayo nagbakasyon nitong huling tatlong taon.”

“It was tough, these last two or three years,” pag-amin niya. “If we didn’t work our heads off, there was no way we could cushion this economic crash. Mas marami kung tutuusin ang nawalan ng trabaho sa ating kompanya,” pahayag niya saka muling tumingin sa kopita na malalim ang expression sa mukha.

“Agree ako d’yan, Sir,” patangong tugon nito. Sandaling katahimikan ang namayani sa kanila. “Eh... excuse me, Sir,” anang sekretarya na may atubiling tono.

“Lorenzo, Miss Reyes,” pakli niya. “Wala tayo sa opisina.”

“Eh... correct me if I’m wrong, Lorenzo---tila introspective ka nitong nakakaraan.”

“Is it obvious?”

“Sa mga nakakakilala sa ‘yo nang mabuti,” tugon nito, “yes, halata.”

“The truth is, I’m bored,” aniyang may calculating na tono sa tinig. “I think I miss the hard work. But it is no use working hard when we are under the mercy of a global economic crisis. It is not worth working hard these days.”

“Sabi sa akin ng papa mo na gusto na niyang magkaapo,” iniba nito ang usapan.

“Kinuwentuhan mo kasi ng tungkol sa bago mong pamangkin,” naninising ngunit natatawa niyang sabi. “Huwag na huwag mong gagawin iyon kay Mama. Remember, noong ipakita mo ang picture ng pamangkin mo sa kanya ay halos araw-araw akong tinawagan sa loob ng isang buwan para tanungin kung niyaya ko na bang magpakasal si...” Nagkibit-balikat siya. “Anyway, ano ang kinalaman ng kagustuhan nina Papa at Mama na magkaapo sa pinag-uusapan natin?”

“I think it is time to invest on a family, Lorenzo,” nakangiti nitong saad na tumindig. “Matutulog na ako. Marami pa akong gagawin bukas. I have to prepare everything else bago ako bumalik sa Maynila... Are you sure isasama ko na ang mga maids pauwi ng Maynila?”

“Sure,” tugon niya. “I’ll ask a local kung may nais na maglinis at mag-ayos dito sa bahay. Mayamaya lang ay matutulog na rin ako. It’s been a long day. We

deserve a long and goodnight sleep.”

Sa gitna ng tunog ng mga kulisap at kuliglig mula sa labas ay naiwan siyang hindi ang development project ang iniisip kundi ang pagnanais ng ama na magkaapo.



Matapos niyang patayin ang mga ilaw sa sala ay ginamit na lang ni Lorenzo ang backlight ng kanyang cellphone bilang flashlight upang makita ang dadaanan. Aminado siyang medyo pagod na siya dahil sa maiksi lang ang kanyang tulog nang nakaraang gabi. Napangiti siya sa dahilan kung ano ang kanyang ikinapagod.

“You are the most exciting man I’ve ever met!”

Iyon ang madalas niyang marinig mula sa bibig ng isang babae matapos ang halos magdamag na lovemaking.

Hindi niya kinokonsidera ang sarili na isang playboy, pero ano ang kanyang magagawa kung babae ang sadyang lumalapit upang siya ay akitin?

“...What’s a man to do?” tanong niya minsan sa kanyang best friend na si Gary Leynes nang huli silang magkita sa kanilang paboritong bar sa Makati. *“Halos wala na ang thrill of the chase. My hunting instinct is gone!”*

“And you’ve got the nerve to complain?” tugon nito na natatawa at halos hindi makapaniwala sa narinig. *“Ayaw mong kusang nalalaglag ang mga hinog na prutas sa iyong mga kamay? Imagine, it takes no more than ten seconds para ma-in love ang isang babae sa ‘yo. Ako dito, sampung araw nang nanliligaw, ni wala pa akong inkling kung sasagutin ba ako o hindi!”*

“Ten seconds,” banggit niyang may cynical na ngiti sa mga labi. *“You are speaking in terms of numbers na*

naman. Accountant ka nga.”

“Yeah,” mainit na tugon ni Gary, “ten seconds, man! Imagine kung magkano ang kikitain mo for every second or minute na ma-spare sa panliligaw sa isang babae? It’s priceless!”

Natawa siya sa analogy nito.

Hindi nga maitatatwa na lahat na ng biyaya ay napunta kay Lorenzo mula pa nang siya ay isinilang. Mayaman ang kanyang mga magulang. Isang self-made man ang kanyang ama na si Arturo Ferraren at isang napakagandang Manileña ang kanyang ina na si Marie Jean Martinez na mula rin sa isang kapita-pitagang angkan. Sa kabila ng lahat ng rangya ay hindi siya ang tipo na anak-mayamang spoiled brat. Lumaki siyang magalang sa matatanda; mabuti ang trato niya sa mga katulong sa bahay; malapit siya sa kanyang mga magulang at lalong malambing sa kanyang ina.

But there’s nothing boring or ordinary about him! May ibang side ang kanyang image. Kaakibat ng lahat ng mga positive traits sa kanyang pagkatao ang inggit ng kanyang mga contemporaries. Mula pa noong nasa elementary at high school siya sa De La Salle University ay alam na niyang marami ang nananaghili sa kanya—magkahalong inggit at respeto ang ini-accord sa kanya ng marami sa mga ito dahil marunong siyang makisama at hindi mahilig sa away at diskusyon.

Mayroon ding panahon na hindi niya naiwasang makipag-away; hindi siya takot na mabangasan ang mukha at proud pa siyang humarap sa kanyang mga magulang upang ipakita ang mga tinamong pasa, bukol at black eye. Ayon sa kanyang ama ay bahagi raw iyon ng paglaki na dapat maranasan ng isang batang lalaki.

Bukod sa napaka-exemplary na ugali ay matalino si Lorenzo sa academics at napakagaling na atleta. Hindi rin siya atubili na gumanap sa mga school plays

dahil appreciative siya sa literary at fine arts. Sa mga performances niyang ito ay naging sikat at kilala ang kanyang pangalan maging sa ibang mga paaralan lalo na sa mga paaralan na exclusive for girls. Naroon ang makatanggap siya ng love letters mula sa mga high school girls na hindi naman niya kilala.

"The trouble with you is that," muling sabi ni Gary, "hindi ka pa na-in love kahit kailan!"

"How can you say that?" tugon niyang di-makapaniwala pero natatawa. "Since our senior year in high school, wala na akong ginawa kundi ang ma-in love."

"In and out," malamig na turan nito na naiiling, "in and out of love. Can you call that love?"

Napaisip si Lorenzo.

Mukhang may katuwiran ang kaibigan. Paano ngang maituturing na pag-ibig ang kanyang mga nakaraang relasyon? Wala nga siyang matandaan na instance na lumapit siya upang magpakilala sa isang babae. Marami sa mga naka-date niya ang pumayag na pahalik—and more—sa unang date pa lamang at sa tingin niya ay ano ang rason para i-pursue ang isang relasyon na alam niyang hindi naman magtatagal.

Inisip niya kung ilan ang kanyang mga naging girlfriends. Sa bagay na ito ay si Miss Reyes ang may talaan ng score dahil ikinukuwento ng papa niya rito kapag may bago siyang nobya.

"You don't like them dumb, you don't like them too feminine," ani Gary na kinukurta ang isip. "You don't like them harsh and too intelligent. Most of all, you want to be the hunter, not the hunted. Where on earth can you find that person?" Napa-gesture pa ito sa mga kamay na imposible ang hinahanap niya at pinaikot ang hintuturo sa gilid ng tainga.

"There must be a compromise between all of those

attributes you mentioned,” hopeful na sabi niyang may kislap sa mga mata. “Someone who is in-between those qualities...”

“Dapat lang na she exists!” saad nito. “Malapit na tayong mag-thirty. Nangungulit na ang mommy ko na mag-asawa na daw ako. Ikaw, hindi ba nangungulit ang mama mo?”

“You can say that again,” tugon niyang sumenyas sa bartender. “Isa pang round ng martini, please?”



Inilatag ni Miss Reyes ang plano ng property sa ibabaw ng working table na nasa gitna ng work-in-progress nilang opisina. Minabuti muna ni Lorenzo na magtungo sa side table upang magsalin ng kape sa isang paper cup.

Fresh na fresh ang pakiramdam ng binata. Ano bang oras nang makatulog siya nang nakaraang gabi? Ni hindi nga niya sinagot ang mga tawag sa kanyang cellphone na inilagay niya sa silent mode. Nang mag-umaga at tingnan niya ang mga calls at texts, karamihan ay galing kay Wendy. Ang babae ang kanyang *current* pero di niya itinuturing na steady girlfriend dahil wala silang understanding na sila na nga. Alam din ni Lorenzo na may iba pang mga lalaki sa buhay nito kung kaya hindi siya seryoso rito. Subalit nitong nakakaraang mga linggo ay parang napapadalas ang tawag nito sa kanya at ito na ang nagyayaya para kumain sila sa labas; mag-out-of-town date kasama ang ilang mga kaibigan; or simply ito na ang gumagawa ng mga moves upang sila ay magkamabutihan.

Nang humarap si Lorenzo sa mesa kung saan nakalatag ang plano ng lupain ay isinantabi niya ang isipin tungkol kay Wendy. May napansin siyang

something odd sa plano, pero binasa muna niya ang mga information na nakasulat sa ibaba ng plano bago sinimulan ang sistematikong pagsuri sa malaking piraso ng papel. Nagsimula siya sa kanan—ang hilagang bahagi ng property—patungo sa gitna at nang makarating ang paningin niya sa kaliwang parte ng plano ay naroon ang markadong bahagi ng property na shaded—ibig sabihin ay hindi kasali ang property na iyon sa mga na-acquire niyang lupain. Lumalabas pa na napapaloob ang halos sampung ektaryang lupang iyon sa property na ide-develop.

“What is this?” tanong niya na napatingin kay Miss Reyes. “Bakit ngayon ko lang nalaman ito?”

“Eh... ngayon ko rin lang po nalaman ang bagay na iyan, Sir,” tugon ng sekretarya na medyo naging shifty ang mga mata. “Nitong Lunes ko lang natanggap ang planong ito mula sa surveyor at hindi ko pa rin nakakausap ang—”

“No,” tiim-bagang at galit na putol ni Lorenzo, “I don’t need explanations! I can just sum it all up as pure incompetence. Simpleng information lang na may isang property owner na ayaw magbenta ng kanyang lupa, hindi kaagad sinabi sa akin? And I believe this is the spot kung saan nandoon ‘yung sinasabi ng real estate agent na two-meter waterfalls. Then sosorpresahin ako ng ganito—na hindi kasama ang waterfalls sa mga binili ko?”

“Eh,” atubiling sagot nito na halatang nasusukol, “napagpasyahan na lang po namin na huwag sabihin sa inyo...”

“Sinong *namin*?”

“Ang papa po ninyo.”

“Ano’ng kinalaman dito ni Papa?” Halos magdikit ang kanyang mga kilay sa pagkakakunot-noo.

“Nagkataon na kakilala ng papa mo ang may-ari ng

lupa,” paliwanag ni Miss Reyes na hindi makatingin sa kanya. “Nang makipag-usap ang mga ahente kay Mr. Reynaldo Aragon ay sinabing ayaw daw nitong ibenta ang lupa dahil ipamamana daw ang lupain sa mga anak.”

“Reynaldo Aragon?” napaisip na sabi ni Lorenzo. “Sino sa mga kakilala ni Papa ang Mr. Aragon na ito?”

“Sa pagkakaalam ko ay taga-Quezon City si Mr. Aragon,” tugon nito. “Sa New Manila... malapit sa *St. Paul University*. Tumawag siya mismo para sabihin na hindi niya ipagbibili ang lupa.”

“And when was this?”

“Noong...” anitong napaisip, “taon bago mo i-take over ang position ng papa mo. About eight or nine years ago, more or less.”

“And?” Halata ang discomfort ng babae sa sunud-sunod niyang tanong. May hinagap siya na humahabi ito ng istorya sa mga sandaling iyon.

“Kinontak uli ito ng real estate agents natin... when we acquired the neighboring properties,” patuloy nito na nakatingin sa ibabaw ng mesa at hindi sa mukha ng binata. “Pero namatay na daw si Mr. Aragon at... pinilit na ma-contact ang mga tagapagmana nito, lumipat na daw ng tirahan. Pero... nang dumating ako dito sa San Vicente last month ay napag-alaman kong may nakatira doon sa property at merong kung anong operation na nagaganap.”

“Anong operation?” curious na tanong ni Lorenzo. “Bakit hindi mo sinabi ito sa akin?”

“Sorry, Sir... Hindi ko po alam ang dahilan ng papa n’yo kung bakit.”

“Anong operation ang mayroon doon?” aniyang galit na lalong napalalim ang kunot sa noo.

“Livelihood operations,” simpleng tugon nito. “Livestock. Plantation. Farm.”

“You mean, may nakatira sa property ni Mr. Aragon?” paniniguro ni Lorenzo. “Sino?”

“Taga-rito sa San Vicente ang kinuha kong security guard,” paligoy ng sekretarya. “Anak ng dating katiwala sa bahay na ito. Balak ko sanang tanungin kung sino ang nakatira sa property ng mga Aragon, pero naging busy ako para sa pagdating mo.”

Tangan ang paper cup ng kape na dumako sa tapat ng bintana si Lorenzo upang tumanaw sa lalaking nakaupo sa kubu-kubuhan; iyon ang istasyon ng guwardya.

This is ridiculous! aniya sa sarili habang pinagmamasdan ang guwardya na nakita niyang umiinom din ng kape, pagkuwan ay sa papel na plano. *I have an intruder right smack in my property!*

“What is there for me to do, then?” tanong niyang napabaling sa sekretarya.

“Honestly, Sir, I don’t know.”

“I’d better go and find out for myself,” aniya na lumabas ng opisina. Nakita kaagad siya ni Cocoy na noon ay kagagaling sa kusina at katatapos lang din na magkape. “Halika, Cocoy, pupunta tayo sa kapitbahay!”

“Sir?” anitong nagulumihanan subalit sumunod din sa kanya.

“Akin na ang susi,” aniya na pumosisyon sa tapat ng pinto ng driver side.

“Kayo po ang magda-drive, Sir?” tanong nito na inihagis ang susi sa amo.

“Why not?” May naughty boy na ngiti niyang sinambot ang susi ng dark green *Land Cruiser* at saka pumasok sa sasakyan. Sumakay sa front passenger seat si Cocoy. Pina-start iyon ni Lorenzo at saka pinindot ang button ng power window sa tapat niya. “I love off-road driving.” Isinuot niya ang *Ray-Ban* sunglasses at mabagal na pinaandar ang sasakyan

upang huminto muna sa tapat ng guardhouse kung saan umatensyon si Edong upang bumati sa bagong amo.

“Good morning, Sir,” anitong tinanggal pansumandali ang sombrero ng buri.

“Magandang umaga,” tugon niyang nakangiti at ipinatong ang braso sa ibabaw ng bintana. “Pupunta kami d’yan sa kapitbahay. Saan ba ang mabuting daan na medyo mairarampa ko nang konti sa lubak itong sasakyan?”

“Ah, sa farm po ba ng mga Aragon?” tugon nito na tinapunan ng humahangang tingin ang *Land Cruiser* at saka napakamot na napaisip. “Mas maigi pong dito kayo sa kaliwa lumiko at saka may makikita kayong magkasangang daan. Doon sa banda roon ay kumanan naman kayo. May pataas at pababa at maraming lubak sa daang iyon at dere-derecho lang kayo’t madadaanan n’yo ang papasok sa farm.”


“Good,” nasisiyahang saad ni Lorenzo na medyo gigil nang humarurot. “Ano nga pala ang pangalan n’ung may-ari ng farm na ito?”

“Eh... teka nga,” napakamot na sabi nito na tumingin muna sa lupang kinatatayuan, “Sa tanda ko po ay... Archie!”

“Archie, excellent!” ulit niya na tinapakan ang silinyador at pinasibad na ang sasakyan.

Sinundan na lamang ni Edong ng tingin ang dark green *Land Cruiser*.

“Eh, Sir...” anitong may sasabihin pa sana subalit alikabok na lamang ang kausap.



“Damn!” sigaw ni Jeffrey. Kailangan niyang makatawid ng kalsada bago siya maabutan ng mga humahabol. Nagdadalawang-isip siya dahil malayo ang kabilang dulo at siguradong kapag tumawid siya ay makikita siya ng mga ito.

Bumibilang siya hanggang lima nang may dumaan na jeep. Biglang nagbago ang kanyang isip at napatalon siya sa sasakyan. Nang nakasakay ay tinutukan niya ng baril ang driver. “Just keep on driving!” utos niya. Tumingin siya sa likuran. Nakita niyang nakasunod ang itim na *Porsche* na gustong tumira sa kanya.

Hindi nakapagsalita ang driver. Sinunod nito ang kanyang utos. Lalo nitong binilisan ang pagmamaneho. “Faster!”

Tango ito nang tango habang pinupunasan ang gamunggong pawis na tumutulo sa noo nito. Maraming kanto silang nilikuan at marami ring kilometro ang kanilang tinakbo bago nila nailigaw ang humahabol. Nasa madilim silang sulok nang sinenyasan niya ang driver na huminto. Kailangan niyang makapalit ng

sasakyan para hindi madali ang pagsunod sa kanya ng mga tauhan ni Mr. Ming Chao Ling.

Tumitingin-tingin si Jeffrey sa paligid para mapag-isipan ang susunod na gagawin. Tumayo siya sa isang sulok para magbantay. Hindi niya kabisado ang Pilipinas. Pilipino siya pero lumaki siya sa Hawaii at pumunta lang siya dito para mag-ayos ng illegal transaction. At laking malas niya, hindi pala mapagkatiwalaan ang mga kasosyong kanyang napili. Baguhan pa lang siya sa mundo ng droga kaya hindi niya alam kung sino ang mga dapat pagkatiwalaan. Matagal na siyang smuggler at matuturing na siyang isang big-time sa larangang ito. Naka-smuggle na siya sa lahat ng kontinente ng mundo at bihasa na siya.

At dahil hindi pa kontento sa mga milyones na dolyar na nakatago sa iba't ibang bangko ay pinasok ni Jeffrey ang mundo ng droga. At katulad ito ng smuggling na napakadaling pasukin ng pera ang kanyang malaking alkansya. May-ari siya ng isang shipping line na nakabase sa Polynesia. Lumilibot ito sa buong mundo at ito ang nagdadala ng mga nakaw na kagamitan.

Nag-umpisa ang lahat nang namatay ang Amerikanong kinakasama ng kanyang ina. Pagkamatay ng mga ito ay ipinamana sa kanya ang lahat-lahat ng ari-arian ng lalaki dahil legal siya nitong inampon at wala man lang anak o kamag-anak na magmamana ng kayanan.

Maliit na shipping line ang iniwan nito at ginawa niya itong pundasyon para sa negosyong itinuro sa kanya ng mga kainuman at kaibigan sa porte ng Hawaii. Umpisa sa maliit na smuggling operation ay lumaki ito at gumagana na sa buong mundo. Utak at kanyang galamay ang naglagay sa kinatatayuan niya sa ngayon.

Isa si Jeffrey sa pinakamalalakas na tao na gumagana sa underworld market pero heto siya ngayon, nag-iisa at walang kalaban-laban. Naisahan siya. Kinorner siya at kanyang mga kasama ng isang battalion na tauhan ni Mr. Ming Chao Ling. Nakatakas siya sa kamatayan at nailagay sa sitwasyong hindi niya madaling malabasan.

Sigurado siyang sa bawat sulok ay nandoon ang mga tauhan ng pinakamalaking sindikato sa bansang ito. Mahihirapan siyang kontakin ang mga tauhan sa Hawaii. Ang alam niya ay maraming hawak ang sindikato na alagad ng batas kaya hindi siya madaling makahingi ng tulong. At delikado rin dahil kapag lumapit siya sa batas ay siguradong mabubunyag ang mga ilegal niyang gawain.

May papalapit na sasakyan. Sa pagkakatanda niya ay isa itong pampasada rito sa Pilipinas. Dito siya ipinanganak pero dinala siya ng kanyang walang-kuwentang ina sa Hawaii noong siyam na taong gulang.

Niyaya ito ng isang Pinoy na magtanan doon at sumama ito. Hindi nagtagal ang relasyon ng dalawa dahil palagi silang bugbog-sarado sa lalaking iyon. Pagkatapos niyon ay may kinasama na naman ang kanyang ina at hindi rin iyon nagtagal dahil walang mapakain sa kanila ang lalaki. At ang huli ay ang Amerikanong nagyaya sa kanyang ina na magpakasal at nag-iwan sa kanya ng kakarampot na mana.

Papalapit ang tricycle nang tinutukan niya ng baril ang driver. "Drive me out here."

Tango ang itinugon nito. Dinala siya nito sa pasikot-sikut na kanto. At nang nakailang kilometro na sila ay inatasan niya itong ihinto ang sasakyan dahil bababa siya. Nang nakababa ay humarurot ng takbo ang tricycle. Naibaba siya sa kalyeng may hilera ng

matataas na buildings. Walang kailaw-ilaw ang mga ito.

Tiningnan ni Jeffrey ang relo; alas ocho pa lang ng gabi. Humahapdi na ang kanyang tiyan. Simula kanina ay hindi pa siya kumakain.

Pinasok niya ang isang building na walang katautao. Nakahanap siya ng labasan sa bandang likuran. Kailangan niya ng mahihingian ng pagkain; gutom na gutom siya. Ngayon lang niya naranasan ang ganito katinding gutom. Kasukalan ang kanyang nakita sa likuran ng building at sa malayuan ay may nakikita siyang maliit na gusali na may ilaw.

Tinahak niya ang kasukalan. Mayroong mga sirang sasakyan na tinapon dito at matataas na damo ang humaharang sa kanyang daanan. Habang lumalapit siya sa building ay lalong tumitindi ang gutom niya dahil sa naamoy na pagkain. Napakabango nito at mukhang galing sa oven. Binilisan niya ang paglakad. Parang hinahatak ng amoy ang kanyang humahapdi nang bituka. Nakikita niya sa isipan ang mainit na tinapay na nakasalang sa pugon. Naamoy niya rin ang amoy ng niluluto na gatas at gusto niyang uminom ng isang tasa nito.

Kumatok siya sa isang maliit na pinto at ilang sandali lang ay may nagbukas na sa kanya, isang may edad na maliit na babae.

“Naku, bakit diyan ka sa likuran dumaan?” tanong nito. Hindi umabot sa baywang niya ang taas nito at mabait ang pagkakangiti. “Dalian mo at matatapos na ang interview ni Mr. Tambunting sa mga gustong mag-apply ng pagiging driver.”

Nginitian niya rin ito at pumasok sa loob.

“Sundan mo ako at ihahatid kita sa office ni Mr. Tambunting.”

Tahimik namang sinunod ni Jeffrey ang unanong babae. Tinahak nila ang madilim na hallway at

pumasok sa mas malaking pinto na may nakasabit sa itaas na *Dwarf's Chocolate Factory*.

Pagpasok niya ay kantang *Somewhere Over the Rainbow* na galing sa isang malaking music box ang pumuno sa kanyang pandinig at bumulaga sa paningin niya ang isang maliwanag na pagawaan. Mocha ang pinta ng mga dingding na nakikiayon sa mga tsokolateng ginagawa ng mga unanong nakasuot ng pulang apron at mahabang baker's hat na mukhang kalahati ng kanilang taas.

Sa isang sulok ay may nakikita siyang mga unano na nagbubuhos ng gatas sa napakalaking container; sa isang sulok naman ay may unanong naglalagay ng mga cacao sa refinery na bumabayo at sa isang sulok ay may mga unanong naglulugay sa malaking lutuan. Ang kanilang mga galaw ay parang nakikipagsabayan sa kantang pumupuno sa buong pagawaan.

Pakiramdam ni Jeffrey ay naipasok siya sa isang fairy tale book kung saan ay may mga duwendeng gumagawa ng mga tsokolate na pangbigay sa batang mababait. At kung nagkataon ay wala siyang matatanggap kahit isa.

Umakyat uli sila sa isang hagdanan at tumambad sa kanya ang mas magandang tagpo. Pulos unanong babae ang nagtatrabaho sa ikalawang palapag. Tumatawa at naghahagikgikan ang mga ito habang gumagawa. Sa mga gilid ay may malalaking pugon at oven kung saan bumubuga ng masasarap na amoy na nakikipagkompetensya sa kanta ng music box sa pagpuno sa buong factory. At may apat na mahahabang mesa kung saan nakahilera ang iba't ibang uri ng produkto ng tsokolate at candy na may iba't ibang kulay. Nilalagay ito ng mga manggagawa sa kani-kanilang mga wrappers.

"Hi, Pogil!" bati ng isang unano nang dumaan siya

sa harapan nito. Pinapala ng duwende ang maliliit na butil ng tsokolate gamit ang malaking kutsara at nilalagay sa isang magandang kartong may berdeng laso at pulang bulaklak.

“Hello, Beautiful,” sagot niya. Tilian ang nakarinig.

Pinapasok siya sa isang pinto at may nakita siyang dalawang lalaking naghihintay roon; isa ay pilay at isa naman ay normal ang taas. Kinumusta muna ito ng matandang lalaking puting-puti ang buhok bago umalis ang pilay.

“Mr. Tambunting, mayroon ditong gustong mag-apply na driver,” tawag ng unano sa pansin ng may-ari ng factory.

“Si Nardong Selda na ang pinili kong maging driver,” sabi ng matandang may puti-puting buhok. Maamo ang mukha nito at halatang may magandang kalooban.

“Malas mo,” sabi ng unano kay Jeffrey. “Nahuli ka kasi.”

“Wala ho ba kayong natitirang puwesto diyan, Sir?” sabi niya sa kanyang pinakamagandang Tagalog. Kailangan niya ng mapagtataguan at tingin niya ang lugar na ito ang pinakaligtas.

Tiningnan siya ng matanda mula ulo hanggang paa. At nang inihinto nito ang tingin sa kanyang mga mata ay nararamdaman niyang parang nababasa nito ang kanyang iniisip.

“Chola, puwede bang iwan mo muna kami,” utos ng matandang lalaki. Lumabas ang unano at naiwan silang dalawa sa maliit na opisina nito.

“Ano’ng pangalan mo, Hijo?”

“Jeffrey... Jeffrey Lucas.”

“Jeffrey, tatanggapin kita sa isang kondisyon.”

Tiningnan siya nito nang mataimtim. “Sabihin mo ang totoo kung bakit ka napapunta dito.”

Napaisip siya kung ano ang sasabihin. Napakamatalino ng mga mata nito at mukhang mahihirapan siyang makapagsinungaling.

“Gusto ko ng katapatan,” sabi nito sa malumanay na boses. “Nararamdaman kong nasa desperasyon ka. Isa akong samaritano. Gusto kong tumulong sa lahat ng mga taong nangangailangan ng aking tulong.”

Tumingin din si Jeffrey sa mga mata nito. Sincerity ang nababasa niya roon pero hindi siya dapat magtiwala. Kaya nga napapunta siya sa sitwasyong ito dahil nagtiwala siya sa maling tao.

“Kailangan ko ho ng trabaho dahil may-sakit ang aking anak.”

Napangiti si Mr. Tambunting. “Marunong akong kumilatis kung ano ang katotohanan at kung ano ang kasinungalingan.” Tumayo ito at lumapit sa kanya. “Hindi ako mapanghusgang tao, subukan mo at baka makatulong ako.”

Mukhang wala siyang kawala. Gutom na gutom na siya at pagod na pagod. Mukhang mapagkakatiwalaan naman ang matanda. Ibubuka sana niya ang bibig upang magpaliwanag nang nagsalita ito.

“Tanggap ka na, hijo.” Lumapit ito sa pinto at tinawag si Chola. “Dalhin mo siya sa kusina at pakainin. Nararamdaman kong gutom na gutom na ang bago nating kasama sa trabaho. At saka ihatid mo rin siya sa dating hinihigaan ni Antoy.”

“Halika,” yaya ng unanong babae. Inilabas siya nito sa pinto. Lumalakad sila nang may naamoy silang parang sunog na niluto.

“Naku! Mukhang nakalimutan na naman ni Nekyat na kunin ang niluluto sa pugon!” bunghalit ni Chola. Napatingin ito sa isang pugon at napatingin sa kanya. “Pogi, pasukin mo ang silid na ‘yan at may makikita ka diyang babaeng normal ang taas. Doon ka humingi

ng pagkain dahil kailangan kong ayusin ang gulong ginawa ng aking pamangkin.” Dali-dali itong pumunta sa isang pugon kung saan nanggagaling ang amoy.

Naiwan si Jeffrey at wala siyang magawa kundi sundin ang habilin ng unano. Pumasok siya sa silid na itinuro nito. At lalong tumindi ang kanyang gutom nang nakita ang loob ng silid. Sa isang gilid ng freezer ay punong-puno ng cake, sa isang gilid naman ay mga pastries, mayroong estante para sa mga pies at muffins at isa pang estante para sa truffles at custards.

Binasa niya ang kanyang bibig. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nakitaan niya rin ng halaga ang lahat na desserts na dumaan sa kanyang magarang mesa sa Hawaii. Matinding gutom lang pala ang makakabigay sa kanya ng aral para bigyan ng importansya ang lahat ng bagay na dadaan sa kanyang kamay.

Luminga-linga siya para hanapin ang babaeng may normal na taas. Malaki ang silid at hindi niya nakikita ang anino nito. Humahapdi na ang kanyang bituka at hindi na niya matiis na hindi lapitan ang estante kung saan may sari-saring cake na nakahilera. Halos lahat na nakalagay roon ay may flavor na tsokolate at sa dulong banda ay mukhang ibang flavor naman ang ginamit—ube, strawberry, mango at blueberry. Pinili niya ang cake na may mango decoration. Mukhang langit sa sarap ang pinapangako nito. Gamit ang isang daliri ay kumuha siya ng kakarampot na icing para tikman. Masarap!

Dadampot pa sana siya ng isa nang may pumalo ng stick sa kanyang mga daliri. Tiningnan niya ang pumalo at ang babaeng may normal na taas ang kanyang nakita. Medyo lampas sa kanyang balikat ang taas nito at balingkinitan ang pangangatawan. Ang tainga nito ay namumula sa galit pati na ang maliit na ilong.

Imbis sa magalit ay natatawa pa siya sa babae. Mukhang hindi bagay rito ang magalit. Ang mga mata nito ay bilog na bilog at kahit nagagalit ay mukhang nakatawa pa rin tingnan. Lumapit ito sa kanya. Itinuro muna nito ang cake saka nangduro.

“Pasensya na, Miss,” hingi ni Jeffrey ng paumanhin. “Gutom lang kasi talaga ako.”

Hindi ito napatinag. Sige pa rin ang duro nito.

“Miss, ikaw siguro ang sinasabi ni Chola na babaeng normal ang tangkad? Pinapapapunta kasi ako dito para humingi ng makakain.”

Hindi ito nagsalita. Tinuro nito ang pinto at mukhang pinapaalis siya.

“Miss, pinapunta kasi ako dito ni Chola.”

“Hmph!” ang naimutawi nito sa huli. Mukhang hindi na nito makontrol ang galit.

Napatawa si Jeffrey. Nakakagiliw itong tingnan. Namumula pati ilong nito at lalong gumaganda. “Maganda ka. Alam mo bang may kahawig kang *Hollywood* actress?”

Nagsalubong ang mga kilay ng babae nang nakitang napatawa siya. At nang hindi mapigilan ang galit ay lumabas ito sa pinto at naiwan ang lalaking pinipigilan ang sariling huwag lamunin ang buong cake sa ngalan ng sibilisasyon.

Mga ilang minuto lang ay pumasok si Chola sa silid; nakatawa ito. “Ano ba ang ginawa mo kay Dulce at mukhang mapapaiyak iyon sa galit?” tanong nito.

“Hindi ko kasi napigilan ang sarili ko na hindi tikman ang cake.”

“Kaya pala,” tawa ng babae.

“Humingi naman ako ng tawad,” sabi niya, sabay kamot ng ulo na parang bata.

“Hay naku! Hindi niya maririnig ang paghingi mo

ng tawad.”

“Bakit naman ho?”

Tumingin sa kanya si Chola at mukhang humihingi ng pang-unawa. “Pipi’t bingi kasi si Dulce.” Nababanaag sa mukha ng unano ang pagkalungkot sa kapalaran ng babaeng may normal na taas.

“Sayang. She’s beautiful.”

“She’s beautiful?” ulit nito sa kanyang nasabing English. Napaisip ito pagkatapos. “Ano nga pala ang pangalan mo, hijo?”

“Jeffrey... Jeffrey Lucas.” Wala siyang maisip na apelyido kaya Lucas na lang. Ang kanyang dinadalang apelyido ay ang apelyido ng Amerikano na umampon sa kanya, Brooke.

“Paano, Jeffrey, alam kong gutom ka na kaya sumama ka na sa akin at dadalhin kita sa kusina.”

Magkasama silang lumabas.

